# *Aral Mula sa Sermon ni Jesus sa Bundok Yugto 68*

***''20 Sapagka't sinasabi ko sa inyo, na kung hindi hihigit ang inyong katuwiran sa katuwiran ng mga eskriba at mga Fariseo, sa anomang paraan ay hindi kayo magsisipasok sa kaharian ng langit.'' (Mateo 5 :20 KJV)*** Sa pamamagitan nito ay inilatag dito ni Cristo ang mga alituntunin sa ng Judío at maging sa atin ngayon na ang mga eskriba at Fariseo ay hindi na dapat maging kanilang pinuno dahil sinabi Niya sa kanila na ang kanilang katuwiran ay dapat higit pa sa kabutihan ng mga eskriba at mga Fariseo upang makapasok sa Kaharian ng Diyos.

***''21 Narinig ninyo na sinabi sa mga tao sa una, Huwag kang papatay; at ang sinomang pumatay ay mapapasa panganib sa kahatulan:'' (Mateo 5 :21 KJV)***

***''Narinig ninyo na sinabi sa mga tao sa una'':*** Ang paraan ng kanilang pag aaral ng Banal na Kasulatan ay sa pamamagitan ng pakikinig, bibigkasin nila at alalahanin ang mga ito ; ang lahat ng tao ay walang sariling kopya gaya mayroon tayo ngayon. Ang mga guro, eskriba, at ang mga Fariseo ay ang isa sa mga nagtuturo sa kanila, gaya ng mga Levita na nagtuturo sa mga tao sa panahon na ang kautusan ay ibinigay kay Moises. Kaya ang Banal na Kasulatan ay binabasa sa kanila, at ibinibigay sa kanila ang mga kapaliwanagan. Ito'y nagpatuloy mula sa sali't saling lahi hanggang sa panahon ni Jesus ay ginagawa nila iyon. Si Jesus ay nagpatuloy na ipinaliwanag ang kautusan sa ilang natatanging pangyayari, at inalis mula doon ang kasamaang ipinaliwanag ng mga Fariseo, na inabuso ang ilang mga nilalaman nito. Ipinakita din ni Cristo sa kanila ang espirituwal na katangian ng mga ito, nagdagdag ng mga paliwanag upang gawing malinaw ang mga ito upang hikayatin ang mga tao upang sundin ang mga ito nang higit pa.

Ipinaalala dito sa kanila ng Panginoong Jesus at ipinaalala sa atin ang tungkol sa Salita ng Dios sa Lumang Tipan at ang utos ng Dios tungkol sa ikaanim na utos na inulit na binanggit at ipinaliwanga sa iba't ibang dako, ***''Huwag kang papatay.''*** Mababasa natin iyon sa Exodu at Deutronomio, isa sa Sampung utos ng Dios, ***''Huwag kang papatay.'' (Exodu 20:13 KJV) "Huwag kang papatay." (Deutronomio 5:17 KJV)*** Ang pagpatay ay ipinagbabawal; pagpatay sa ating sarili, pagpatay sa iba, direkta o hindi direkta ay ipinagbabawal. Ang batas ng Dios, ay isang bakuran ng proteksyon tungkol sa ating buhay. Iyon ay isa sa tuntunin na ibinigay ng Dios kay Noe, ***"5 At tunay na hihingan ko ng sulit ang inyong dugo, ang dugo ng inyong mga buhay: sa kamay ng bawa't ganid ay hihingan ko ng sulit; at sa kamay ng tao, sa kamay ng bawa't kapatid ng tao ay hihingan ko ng sulit ang buhay ng tao. 6 Ang magbubo ng dugo ng tao, sa pamamagitan ng tao ay mabububo ang kaniyang dugo: sapagka't sa larawan ng Dios nilalang ang tao." (Genesis 9:5-6 KJV)*** Kahit na ang tao ay pinatay ng isang ganid ang kanyang dugo ay hihingin mula sa natatanging ganid. Itinalaga ng Dios na sa pumatay ang kanilang dugo ay ibubuhos ng tao.

***"at ang sinomang pumatay ay mapapasa panganib sa kahatulan:''*** Ang pagpatay na ginawa sa pamamagitan ng pagtangka ay kailangang maparusahan ng kamatayan. Ang mamatay tao ay may kasalanan ng paghatol at at karapat dapat na hatulan, maliban kung nangyari ito nang walang pagtangkang gawin ito. Sa ***Mga Bilang 35*** ito ay mga may alintuntunin tungkol sa pagpatay at kung paano haharapin ang mga mamatay tao. Naglaan ang Panginoon ng anim na bayan mula sa mga bayan ng mga Levita upang harapin ang mga mamamatay tao, sapagkat ang mga Levita ang mga hukom noong panahong iyon. Basahin natin ngayon ang mga detalye na kanilang sinusunod at ito ay mahusay na ipinaliwanag:

***"6 At ang mga bayan na inyong ibibigay sa mga Levita ay ang anim na bayan na ampunan, na siya ninyong ibibigay na matatakasan ng nakamatay ng tao: at bukod sa rito ay magbibigay kayo ng apat na pu't dalawang bayan. 7 Lahat ng mga bayan na inyong ibibigay sa mga Levita ay apat na pu't walong bayan: inyong ibibigay sangpu ng kanilang mga pastulan. 8 At tungkol sa mga bayan na pag-aari ng mga anak ni Israel na inyong ibibigay ay kukuha kayo ng marami sa marami; at sa kaunti ay kukuha kayo ng kaunti: bawa't isa ayon sa kaniyang mana na kaniyang minamana ay magbibigay sa kaniyang mga bayan sa mga Levita. 9 At sinalita ng Panginoon kay Moises, na sinasabi, 10 Salitain mo sa mga anak ni Israel, at sabihin mo sa kanila, Pagkaraan ninyo ng Jordan sa lupain ng Canaan, 11 Ay pipili nga kayo ng mga bayan na maging mga bayang ampunan sa inyo, upang ang nakamatay ng tao na pumatay ng sinomang tao na hindi sinasadya, ay makatakas doon. 12 At ang mga bayang yaong ay magiging sa inyo'y pinaka ampunan laban sa manghihiganti; upang ang nakamatay ay huwag mamatay, hanggang sa maitayo sa kapisanan na hatulan.*** (Kaya itinalaga ng Dios ang paghatol mula sa kapisanan sa mga mamatay tao) ***13 At ang mga bayan na inyong ibibigay ay anim na bayang ampunan sa inyo. 14 Magbibigay kayo ng tatlong bayan sa dako roon ng Jordan, at tatlong bayan ang ibibigay ninyo sa lupain ng Canaan; siyang magiging mga bayang ampunan. 15 Sa mga anak ni Israel, at sa taga ibang lupa, at sa makikipamayan sa kanila ay magiging ampunan ang anim na bayang ito: upang ang bawa't nakamatay ng sinomang tao, na hindi sinasadya, ay makatakas doon. 16 Nguni't kung kaniyang saktan ang kaniyang kapuwa ng isang kasangkapang bakal, na ano pa't namatay, siya nga'y mamamatay tao; ang mamamatay tao ay walang pagsalang papatayin. 17 At kung kaniyang saktan ng isang batong tangan niya sa kamay na ikamamatay ng isang tao, at namatay nga,***

***mamamatay tao siya: ang mamamatay tao ay walang pagsalang papatayin. 18 O kung kaniyang saktan ng isang almas na kahoy na tangan niya sa kamay na ikamamatay ng tao, at namatay nga, ay mamamatay tao siya: ang mamamatay tao ay walang pagsalang papatayin. 19 Ang manghihiganti sa dugo ay siyang papatay sa pumatay: pagka nasumpungan niya ay kaniyang papatayin. 20 At kung kaniyang itinulak sa kapootan, o kaniyang hinagis na binanta, ano pa't siya'y namatay; 21 O sa pakikipagkaalit ay sinaktan niya ng kaniyang kamay, na ano pa't siya'y namatay: siya na sumakit ay walang pagsalang papatayin; siya'y mamamatay tao: ang manghihiganti sa dugo ay siyang papatay sa pumatay, pagka nasumpungan niya. 22 Nguni't kung sa kabiglaanan ay kaniyang maitulak na walang pakikipagkaalit, o mahagisan niya ng anomang bagay na hindi binanta, 23 O ng anomang bato na ikamamatay ng tao, na hindi niya nakikita at kaniyang maihagis sa kaniya, na ano pa't namatay at hindi niya kaaway, at hindi niya pinagaakalaan ng masama: 24 Kung gayo'y ang kapisanan ang siyang hahatol sa sumakit at sa manghihiganti sa dugo, ayon sa mga kahatulang ito:*** ( Kaya mauunawaan natin na ang tagapaghiganti ng dugo ang magpapataw sa mamatay tao ng kamatayan, at walang pantubos upang iwasan na kung ang pagpatay ay sinadyang gawin). ***25 At ililigtas ng kapisanan ang nakamatay sa kamay ng manghihiganti sa dugo, at siya'y pababalikin ng kapisanan sa kaniyang bayang ampunan, na kaniyang tinakasan:*** (kung ang pagpatay ay ginawa ng hindi sinadya, ang nakapatay ay mapoprotektahan) ***at siya'y tatahan doon hanggang sa pagkamatay ng pangulong saserdote, na pinahiran ng banal na langis. 26 Nguni't kung ang nakamatay ay lumabas sa anomang dahilan, sa hangganan ng kaniyang bayang ampunan, na kaniyang tinakasan; 27 At masumpungan siya ng manghihiganti sa dugo sa labas ng hangganan ng kaniyang bayang ampunan, at patayin ng manghihiganti sa dugo ang nakamatay, ay hindi siya magiging salarin sa dugo, 28 Sapagka't siya'y nararapat na tumira sa kaniyang bayang ampunan, hanggang sa pagkamatay ng dakilang saserdote: nguni't pagkamatay ng dakilang saserdote ang nakamatay ay makababalik sa lupain ng kaniyang pag-aari.*** (Kaya mauunawaan natin na ang pagpatay nang hindi sinadya ay hihilingin sa mamatay tao na manatili sa bayang ampunan hanggang sa pagkamatay ng dakilang seserdote, at walang katubusan upang iwasan iyon). ***29 At ang mga bagay na ito ay magiging isang palatuntunan sa kahatulan sa inyo, sa buong panahon ng inyong mga lahi sa lahat ng inyong mga tahanan. 30 Sinomang pumatay sa kaninoman, ay papatayin ang pumatay sa patotoo ng mga saksi: nguni't ang isang saksi ay hindi makapagpapatotoo laban sa kaninomang tao upang patayin.*** (Kaya kailangan nating maunawaan ang pangangailangan ng dalawang saksi). ***31 Bukod sa rito, huwag kayong tatanggap ng suhol sa buhay ng pumatay na nagiging salarin sa pagpapatay: kundi siya'y walang pagsalang papatayin.*** (Kaya kailangan nating maunawaan na walang katubusan sa buhay ng mamaslang). ***32 At huwag kayong tatanggap ng suhol sa kaninomang tumakas sa kaniyang bayang ampunan, upang bumalik na manahan sa kaniyang lupain, hanggang sa pagkamatay ng dakilang saserdote. 33 Kaya't huwag ninyong dudumhan ang lupain na inyong kinaroroonan; sapagka't ang dugo ay nagpaparumi ng lupain: at walang paglilinis na magagawa sa lupa dahil sa dugo na nabubo doon, kundi sa pamamagitan ng dugo niyaong nagbubo.*** (Kaya kailangan nating maunawaan dito na ang sukatan upang harapin ang mga mamaslang ay alang alang sa pagharap sa kasalanan ng mamaslang, upang ang lupain ay hindi madumihan o maging masama. Para sa atin sa Bagong Tipang simbahan kailangan nating harapin ang kasalanan ng pagpaslang at ito ay may espirituwal na kahulugan, sa kautusan ni Cristo at ng Kanyang dugo upang ang ating buhay at ang buhay ng simbahan ay hindi madumihan ng kasalanan sapagkat sa gayong pagpaparumi ay magdadala ng poot ng Dios sa atin). ***34 At huwag ninyong dudumhan ang lupain na inyong tinatahanan, na ako'y tumahan sa gitna niyan: sapagka't akong Panginoon ay tumatahan sa gitna ng mga anak ni Israel." (Mga Bilang 35:6-34 KJV)*** Ang tagapakinig ni Jesus ay batid iyon at kung ano ang ipinaliwanag sa kanila ay tungkol sa pisikal na pagpaslang na sinadya at hindi sinadya.

Bukod pa rito ay may isa pa silang pagkaunawa tungkol sa pagpatay; ipahiwatig natin iyan sa sinabi ni Jesus sa ***Mateo 5:21, "at ang sinomang pumatay ay mapapasa panganib sa kahatulan:"*** dahil itinuro din nila sa pamamagitan ng kanilang mga guro na totoong sinadyang pagpatay, alinman sa ginawa sa kanilang sariling mga tao, o sa pamamagitan ng paraan ng iba, ang kanilang mga patakaran para sa paghatol ng mga naturang tao ay tulad ng mga sumusunod:

1. Ang bawat isa na pumaslang sa kanyang kapwa sa pamamagitan ng kanyang kamay; na parang sinaktan niyaniya siya ng tabak, kahoy o ng batong pumaslang sa kanya; o pinaghihiwa siya hanggang sa siya'y mamatay; o susunugin siya sa apoy; nakikitang pinapatay niya siya sa anumang paraan, sa kanyang sariling katauhan, ang gayong tao ay kailangang patayin ng bayan ng Diyos o ng tagapaghiganti ng dugo tulad ng nabasa natin.

2. Kung ang isang tao ay umupa ng isang mamatay tao upang patayin ang kanyang kapwa, o ipadala ang kanyang mga alipin, at pinatay nila siya, o ipulupot siya at iwanan siya sa harap ng leon, o katulad, at ang ganid ay patayin siya, ang lahat ng ito ay pagbuhos ng dugo; at ang kasalanan ng pagpatay ay nasa kanyang kamay; at siya'y may kasalanan ng pagpatay sa pamamagitan ng kamay ng Langit, halimbawa. Ang Dios; ; ngunit hindi siya papatayin sa pamamagitan ng bahay ng paghuhukom, o ng Sanedrim o ng tagapaghiganti ng dugo. Sinasabing, na ang kanilang paghatol ay ibinigay sa Langit, sa Dios; at tila ito ang kahulugan ng salitang ***"kahatulan:"*** dito, na ang ibig sabihin ay sa ***"Mateo 5:21 "at ang sinomang pumatay ay mapapasa panganib sa kahatulan:"***, ang kahatulan ng Dios, o ang kamatayan sa pamamagitan ng kamay ng Dios; ay makikilala

mula sa kamatayan sa pamamagitan ng kamay ng kapulungan, o sahedrin, sa susunod na talata sa sinabi ni Jesus:

***"22 Datapuwa't sinasabi ko sa inyo, na ang bawa't mapoot sa kaniyang kapatid ay mapapasa panganib sa kahatulan; at ang sinomang magsabi sa kaniyang kapatid, Raca, ay mapapasa panganib sa Sanedrin; at ang sinomang magsabi, Ulol ka, ay mapapasa panganib sa impierno ng apoy." (Mateo 5:22 KJV)*** Ngayon sa kanilang paniniwala, tungkol sa pagpatay kung ginawa ng ikatlong tao ay hindi hahatulan ng kapulungan kundi ng Dios Mismo, wala sa Salita ng Dios, at pinagtibay iyon ni Jesus nang sinabi Niya sa kanila na hindi lamang ang pagpatay kundi maging ang pagkapoot, ***"na ang bawa't mapoot sa kaniyang kapatid ay mapapasa panganib sa kahatulan;"*** Ang pangunahing kamalian ng mga Judiong guro, na ang dakilang utos ay ipinagbawal lamang sa makasalanang gawa, hindi sa makasalanang saloobin, * Sinabi ni Jesus sa kanila at sinasabi sa atin ngayon ang tungkol sa ating galit at sa ating pagtanggi sa sinumang kapatid na namatay si Jesus ay namatay at sa walang kadahilanan o dahilan ay ipapataw sa atin ang kahatulan ng Dios. * Ipinaliwanag sa atin ni Jesus na ang dakilang utos ay ipinagbabawal ng banal na utos ang makasalanang gawain at ang makasalanang kaisipan. Ating din malaman na ang ating saloobin ay mga salitang binibigkas patungo sa Dios. Kaya't ating talikdan ang poot, walang pagpapatawad, at paghihiganti at ang iba pagpapahayag ng poot.

***"Datapuwa't sinasabi ko sa inyo,"*** Ito ang isang paraan ng pagsasabi ng guro, na ginagamit kapag natukoy ang isang tanong, ay determinedo, at ang isang maling ideya ay pinabulaanan at tinanggihan. Si Cristo, sa siyang dakilang guro at panginoon sa Israel, isang may dakilang kapangyarihan, sa hindi sumasalungat sa kautusan ni Moises, ***"huwag kang papatay"***, ngunit sinalungat ng maling katuruan ng sinaunang mga guro na nagturo na kung ang isang taong pumtay sa iba sa pamamagitan ng kahalili, ang pangatlong tao, siya ay iiwan sa kahatulan ng Dios. Sa kanilang ginagawa hinihikayat nila ang mga mamaslang. Sinalungat at binago ni Jesus ang turong iyon nang sabihin Niya na kahit ang poot ng (walang pagkilos) nang walang dahilan ay hahatulan ng Dios.

***"na ang bawa't mapoot sa kaniyang kapatid na walang dahilan ay mapapasa panganib sa kahatulan;"*** Sinabi ni Cristo sa kanila at sinasabi sa atin ngayon na ang mapanghas na poot ay pagpatay sa puso, na bawa't mapoot sa kanyang kapatid nang walang dahilan, ay sinisira ang ika anim na utos.
Kapag tayo ay galit sa mga bata o mga alipin dahil sa hindi maiiwasan, dahil sa isang pagkakamali, upang tayo mismo ay madaling makagawa niyan, o kapag tayo ay galit sa walang kabuluhang bagay na hindi sulit na magsalita, o kapag ang ating galit ay walang magandang layunin na ating nilayon, o ipakita lamang ang ating awtoridad, upang masiyahan ang ating malupit na simbuyo ng damdamin, Upang ipaalam sa mga tao ang aming mga sama ng loob, at excite ang ating sarili sa paghihiganti, pagkatapos ito ay walang kabuluhan, ito ay upang gawin nasaktan. Lalo na kapag lumampas tayo sa mga hangganan, kapag tayo ay hirap sa ating galit, marahas, nakakagalit, pilyo, at kapag hinahanap at binabalak nating saktan ang mga taong hindi natin kinalulugdan, at gumagamit tayo ng mga walang kabuluhang bagay upang atakehin sila, kung gayon iyon ay tulad ng pagpatay.

Ang pagpatay ni Cain sa kanyang kapatid ay nagsimula sa galit sapagkat siya'y naninibugho sa kanyang kapatid; siya ay mamaslang sa pagbibigay-sulit sa Dios, na nakakaalam ng kanyang puso kung saan nagmumula ang pagpatay. Sinabi ni Apostol Juan ang tungkol doon, ***"11 Sapagka't ito ang pasabing inyong narinig buhat ng pasimula, na mangagibigan tayo sa isa't isa:12 Hindi gaya ni Cain na siya'y sa masama, at pinatay ang kaniyang kapatid. At bakit niya pinatay? Sapagka't ang kaniyang mga gawa ay masasama, at ang mga gawa ng kaniyang kapatid ay matuwid. 13 Huwag kayong mangagtaka, mga kapatid, kung kayo'y kinapopootan ng sanglibutan. 14 Nalalaman nating tayo'y nangalipat na sa buhay mula sa kamatayan, sapagka't tayo'y nagsisiibig sa mga kapatid. Ang hindi umiibig ay nananahan sa kamatayan. 15 Ang sinomang napopoot sa kaniyang kapatid ay mamamatay-tao: at nalalaman ninyong sinomang mamamatay-tao ay hindi pinananahanan ng buhay na walang hanggan." (1 Juan 3:11-15 KJV)***

Ngunit kung tayo'y galit upang gisingin ang nagkasala para magsisi, upang bigyan siya ng babala at iligtas siya sa paggawa niyon muli, at magbigay ng babala sa iba sa gayon iyon ay hindi pagpatay. Kapag ang galit ay nagawang mahinahon at para sa mabuting wakas, upang hikayatin ang iba sa kanilang walang kabuluhan o kahangalan; ito ay hindi makasalanan. Gaya ng sinabi ni Santiago, O taong walang kabuluhan; at Pablo, Ikaw na hangal; at ni Cristo Mismo, O mga hangal, at makupad ang puso. Ngunit kapag ito'y nagmula sa galit at maling akala sa loob, ito ay ang usok ng apoy na iyon na nag aalab mula sa impierno, at nahuhulog sa ilalim ng parehong pagkatao at nagbibigay daan para sa impierno at mga demonyo na pumasok at makapinsala sa iba.

Sa ***"kapatid "*** dito sa pahayag na ito, ***"na ang bawa't mapoot sa kaniyang kapatid nang walang dahilan ay mapapasa panganib sa kahatulan;"*** ibig sabihin, kanino mang tao maging sa hindi mananampalataya, at sa kung saan bansa o lupalop: sapagkat hindi tayo magagalit sa tao nang ***"walang dahilan"*** Mauunawaan din natin na may poot na dahil sa isang dahilan, na hindi makasalanan, nasa Dios kay Cristo, at ito ay kapuri puri sa bayan ng Dios, kapag ito ay nagmumula sa tunay na sigasig para sa kaluwalhatian ng Diyos, at sa kapakanan ni Cristo; at nag aalab laban sa kasalanan, o laban sa lahat ng uri ng bisyo, maling doktrina, at huwad na pagsamba.

***"mapapasa panganib sa kahatulan"*** Kapag ang galit ay walang dahilan ang tao ay mapapasa ilalim ng kahatulan ng Dios. Ang isang asawa na patuloy na nakikipag away sa kanyang asawang lalaki nang walang dahilan, nagsasalita ng masama sa kanya o ang asawang lalaki ay patuloy na nakikipag away sa kanyang asawang babae nang walang dahilan, at ang mga anak na patuloy na nakikipag away sa kanilang mga magulang nang walang dahilan, o ang mga magulang na patuloy na nakikipag away sa kanilang mga anak na walang dahilan o ang isang panginoon ay patuloy na nagagalit at nakikipag away sa kanyang mga manggagawa nang walang dahilan, ang ganoong mga usapin ay hindi na dadalhin sa kapulungan kundi mapapasa ilalim sa kahatulan ng Dios,. Kaya naman sinasabi sa atin ni Jesus na ang galit ay hindi magdadala ng katuwiran na buhay na nais ng Dios. ***"19 Nalalaman ninyo ito, minamahal kong mga kapatid. Nguni't magmaliksi ang bawa't tao sa pakikinig, magmakupad sa pananalita, magmakupad sa pagkagalit; 20 Sapagka't ang galit ng tao ay hindi gumagawa ng katuwiran ng Dios." (Santiagp 1:19-20 KJV)*** Ang Dios ay hindi nasisiyahan o nalulugod sa mga taong patuloy na nagagalit nang walang dahilan. Ang galit at pakikipag away ay nag aalis ng mga pagpapala ng Dios. Kaya maging maingat at pigilin ang iyong galit kung hindi ang mga pagpapala ng Dios ay lalayo sa iyo. Kaya naman ipinapayo sa atin huwag dapat tayong magalit nang walang dahilan at ang ating galit ay hindi hahantong sa kasalanan, kundi dapat manguna sa atin na gumawa ng mabuting bagay***: "26 Kayo'y mangagalit at huwag kayong mangakasala: huwag lumubog ang araw sa inyong galit:" (Epeso 4:26 KJV)*** Paano nakikita sa mga tao ang kanilang galit? Iba't ibang paraan ng pagpapakita ng galit, maari sila'y nagsasalita nang higit, sila'y nagsasalita ng masama, sila'y nagsasalita nang walang kabuluhan, sila'y nakikipag away, sila'y nanakit, atbp. Ngunit ang ating galit ay dapat hindi tatagal sa susunod na araw kundi bago tayo matulog kailangan nating pagsikapan na pigilin ang ating galit at gumawa ng pagkilos at ang panukat na kailangan nating gawin. Ang galit ay dapat may dahilan, at ito dapat ay maging makatuwiran, mabunga at hangad ang pagtutuwid at babala.

Si Jesus nang hinatulan Niya ang galit nang walang dahilan ibig sabihin nito hindi niya pinahintulutan ang pagpatay ng ikatlong tao na mahatulan ng kapulungan. Si Jesus sa naturang ay nagpatunay na ang anumang pagpatay na sinadya sa pagpatay ay dapat hatulan ng kapulungan.

***"at ang sinomang magsabi sa kaniyang kapatid, Raca, ay mapapasa panganib sa Sanedrin;"*** o "Sanhedrim", Ang salitang Raca ay pagpapahayag ng pagmamalaki, pangangalit at pagdusta; ito ay nagmula sa pagmamataas at sa mga nagmamalaki at nagbababa sa iba ito ay ginamit bilang isang kataga ng pagsalangsang o pagturing sa isang masama at sa paghamak na paraan. Kung mangyari iyon nang walang dahilan ang tao ay karapat dapat na hilahin sa kapulungan ng mga Judio para sa paghatol. Ang Raca ay isang mapanlait na salita, kawalang galang, at nagmumula sa kapalaluan, na tinatapakan ang ating kapatid upang itakda siya maging paghamak kasama ng mga aso. Tulad ng sinasabi mo sa kanya na marumi ka, hamak ka, atbp. Sabi ni Raca sa mga taong mayabang at palalo. Halimbawa ng mga mayabang na gumagamit ng Raca, ***"Ang palalo at mapagmataas na tao, manglilibak ang kaniyang pangalan, siya'y gumagawa sa kahambugan ng kapalaluan." (Kawikaan 21:24 KJV)*** Ang katulad ng sinabi ng mga opisyales ns ipinadalaa ng mga Farise na hindi nalalaman ang kautusan, ay sinumpa, sa gayong wika, ***"47 Sinagot nga sila ng mga Fariseo, Kayo baga naman ay nangailigaw rin? 48 Sumampalataya baga sa kaniya ang sinoman sa mga pinuno, o ang sinoman sa mga Fariseo?40 Datapuwa't ang karamihang ito na hindi nakaaalam ng kautusan ay sinumpa." (Juan 7:47-49 KJV)*** Kaya dito itinalaga ni Jesus na dapat harapin ng simbahan ang mga nagsasalita ng gayong kayabangan at walang dahilan.

***"at ang sinomang magsabi, Ulol ka, ay mapapasa panganib sa impierno ng apoy.: "ulolo ka",*** ibig sabihin ikaw ay masamang tao, ikaw ay makasalanan, ikaw ay kaawa-awang hindi makadios, ikaw ay walang awang nilalang, at ikaw ay magtatapos sa impierno. Kung sinabi iyon sa isang tao nang walang dahilan sa gayon ang nagsabi niyon ay mapapasa ilalim ng kahatulan ng Dios at sa walang hanggang apoy. Para sa gayon ang sanhedrim ay hindi obligadong harapin. Kaya, tila, ang sanhedrim ay hindi obligadong kunin ang pansin niya. Sinasabi ng mga Judio, Ipinagbabawal sa isang tao na tawagin ang kanyang kapwa sa isang pangalang pagsalansang. Lahat ng tumatawag sa kanyang kapwa na 'masamang tao', nang walang dahilan, siya'y ibaba sa impierno. Iyan din ang itinuro ni Jesus dito, ***"mapapasa panganib sa impierno ng apoy."***; o karapat dapat, mananagot at nanganganib sa kaparusahan ng impierno ng apoy. Ang ulol, ay isang mapanglait na salita, at nagmula sa galit at poot; pagbababa sa kanya, hindi lamang bilang masama at hindi dapat parangalan, ngunit bilang masama, pasaway, paghamak at hindi dapat mahalin; sinumang magsabi, Ulol ka, ikaw na taong walang halaga, ikaw na anak ng impierno ng walang dahilan, ay mapapasapanganib ng apoy ng impierno,

***"at ang sinomang magsabi, Ulol ka, ay mapapasa panganib sa impierno ng apoy.":*** Ito din ay maaring mangyari sa iba sa paninirang puri sa kanilang likuran, paninirang puri, pagbulung bulong, pagtuya, pagsisinungaling sa kanila, o pamumuna sa iba sa pamamagitan ng dila. Ang ganitong mga bagay ay pumapatay nang palihim at paunti unti. Mapait at masama ang mga iyon gaya ng tabak sa buto. Sinasaksak nila ang mga tao sa kanilang likuran ng kanilang masasamang salita laban sa kanila na nagmumula sa kanilang poot. Ang mang awit ay umiyak sa Dios: ***"2 Ikubli mo ako sa lihim na payo ng mga manggagawa ng kasamaan; sa panggugulo ng mga manggagawa ng kasamaan: 3 Na siyang nangaghasa ng kanilang dila na parang tabak, at pinahilagpos ang kanilang mga palaso, sa makatuwid baga'y ang masasakit na salita:" (Awit 64:2-3 KJV)***

* Ipinapakita ni Cristo na ang kasalanan ng matinding galit at poot ay naglalantad sa mga tao sa isang pinakamatas na kahatulan, ayon sa mga antas ng mga pagpapatuloy nito. Ang galit, poot, paninirang puri, pagtsitsimis, paninira, panunumbat, pagbulung bulong, at pamumuna ng may masamang hangarin ay nagmula sa impierno at ang magtatapos ang tao na gumawa niyaon sa impierno kung siya ay hindi magsisi. * Hindi mo kailangang magalit sa mga nagsalita sa iyo ng masama o tungkol sa iyo, hindi mo kailangang magplano na saktan sila o magbayad sila, kundi ang kailangan mong gawin ay patawarin sila at manalangin para sa magsisi sila sapagkat ang kahatulan ng Dios ay pangako sa kanila kung sila'y hindi magsisisi.

***Sa aking mahal at minamahal:* *** Tayo ngayon at lumapit sa Panginoon sa pagsisisi talikuran ang ating mga kasalanan at ang ating maling pag unawa sa Banal na Kasulatan. * Ating tanggapin ang na ating mga saloobin ay hahatulan sapagkat ang saloobin ay mag aakay sa atin sa makasalanang gawa ng pakikipaglaban, pagkapoot, pakikipag away, pakikipagtsismisan, pagmamaktol, paninirang puri, pamumuna, at sa paggawa niyon ay sinisira natin ang iba, tila tayo ang pumapatay sa kanila sa ating masamang pag uugali at asal. * Ating talikdan ang lahat ng mga kasalanang ito at itakda ang ating isip at saloobin matuwid sa Dios. Ating kupkupin ang bagong daan ni Cristo upang iwasan ang galit at ang masaamang dulot nito sa iba at sa ating sarili. * Ating isuko ang ating buhay kay Jesus, ating patawarin ang iba at ating gawin magnining si Cristo sa ating buhay sa pamamagitan ng pagpapahayag ng bunga ng Banal na Espiritu.

***Ang aking panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan, na inilibing at nabuhay na maguli mula sa mga namatay noong ikatlong araw upang bigyan ako ng walang hanggang buhay. Panginoon Ako'y nagpapasalamat sa iyo para sa kalinawan ng Salitang ito na ipinakita sa akin ng malinaw ang kasalanan ng galit at ang lahat ng masamang saloobin na may kaugnayan dito.*

*Lumapit ngayon sa Panginoon at ipahayag ang iyong mga kasalanan at talikdan ang lahat ng iyong mga pagkukulang. Talikdan ang iyong galit, kapaitan, ang iyong masamang saloobin, at ang iyong makasalanang gawa ng pakikipag away, pagkamuhi, pakikipag away, patsitsismis, pagbulubg bulong, paninirang puri, paninira, pamumuna, at sinubukang siraan ang iba. Panginoon ipinahayag ko at tinalikdan ang sumusunod na mga kasalanan ___________________________.*

*Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na tumalima sa mga tagubilin na aking tinanggap ngayon mula sa iyong Salita. Panginoon ipinangako ko ang aking sarili na magparami ng bunga ng Banal na Espiritu, pagibig, kapayapaan, kagalakan, kahinahunan, pagpipigil sa sarili at mahabang pagtitiis. Panginoon pinapatawad ko ang sumusunod na mga taong nanakit sa akin ___________________.*

*Panginoon aliwin moa ko at akayain akong gawin ang iyong mabubuting gawa at ang iyong plano at itinakda mo para sa akin na gawin.*

*Panginoon salamat para sa aking mga kapatid at kapatid na babae na nagsisi at binago ang kanilang mga daan; na handang maituwid at lumakad sa iyong mga daan at alinsunod sa iyong mga turo. Panginoon tulungan mo sila na matupad ang kanilang ipinangako sa iyo, at gawin ang matuwid ayon sa iyong kalooban at sa iyong Salita.*

*Panginooon ipinangko namin ang aming sarili bilang isang simbahan na mabago at tumalima sa mensahe na aming tinanggap, upang magtimpis sag alit at sa lahat ng masamang saloobin at pagkilos kaugnay nito. Panginoon ipinangako naming ang aming sarili na mabuhay sa matuwid na buhay na itinalagang mong isabuhay naming, na ang aming buhay ay maging mabuting halimbawa sa iba. Panginoon puspusin kaming muli ng Banal na Espiritu at manguna sa amin, at tulungan kaming mag evangelio at ituro ang iyong Salita at gumawa ng mg alagad at magsanay ng mga manggagawa upang ang iyong pangalan ay maluwalhati at ang iyong kalooban ay magawa sa aming kalagitnaan. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan sa gayo'y hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com